Halina po kayo sa Healthelink

Impormasyon para sa mga magulang at ang kanilang anak na may gulang hanggang 15 taon at nakatira sa mga lugar na may 'postcode': *2145, 2148, 2150, 2747, 2750 at 2770.*

ANO ANG HEALTHELINK?

Ang Health*elink* ay isang pangunang prohekto sa isang bagong sistema na mag-iipon sa isang kabuuran sa lahat ng impormasyon sakalusugan ng isang pasyente mula sa mga kasaling doktor, ospital at sentrong pangkalusugan sa komunidad.

Itong pangunang prohekto ay bukas para sa mga batang may gulang hanggang 15 taon at nakatira sa mga lugar na may 'postcode' na: 2145, 2148, 2150, 2747, 2750 at 2770.

BAKIT ITO MAHALAGA?

Sa unang pagkakataon, isang naka-elektronikong kabuuran ng pagka-alaga sa kalusugan ng inyong anak ang maaaring pakikinabangan ninyo at ang kanilang nagdudulot ng pangkalusugang pagkaka-alaga.

Para sa mga nagdudulot ng pangkalusugang pagkakaalaga, nangangahulugan ito ng madaling mapagkukunan ng impormasyon na maaaring hindi nila dating alam.

Depende sa pagkaalaga ng kalusugan ng inyong anak, ang kanilang ulat ay maaaring kasama ang buod ng mga pagka-alerdgi, medikasyon, problema sa kalusugan at ulat mula sa mga ibat-ibang doktor.

SINO ANG KASALI?

Maraming ibat-bang uri ng mga nagdudulot ng pagkaalaga sa kalusugan ay kasali sa pangunang prohekto, kasama na ang mga doktor ng pamilya, mga doktor at nars ng ospital, mga kawani ng kalusugan sa komunidad at kauring empleyado sa gawaing pangkalusugan.

Dahil ito ay pangunang prohekto, hindi lahat ng mga nagdudulot ng pagkaalaga sa kalusugan ay kasali – at ang mga kasali lamang ang makakakita o magdaragdag sa elektronikong ulat pangkalusugan ng bata.

Unti-unti naming daragdagan ang mga kagamitan sa pangangalap ng impormasyon.

Ang elektronikong ulat sa kalusugan ng bata ay walang laman sa araw ng pagpapatala – ang impormasyon ay madaragdagan habang tumatagal.

SINO ANG MANGANGASIWA SA ULAT NG AKING ANAK?

Ang ulat ng mga bata ay awtomatikong pamamahalaan ng mga magulang o tagapag-alaga at karamihanang mga magulang ang manatiling mamamahala dito.

Ngunit, ang ilang 14 at 15 taong gulang na nasa natatanging sitwasyon ay maaaring mamamahala sa kanilang mga ulat sa kalusugan.

Kung ang inyong anak ay 14 o 15 taong gulang at may natatanging kadahilanan na pamamahalaan ang kanilang ulat, maaari silang makipag-usap at humingi ng dagdag na payo sa kanilang doktor.

Kapag may 16 taong gulang na, ang mga bata ay makapagpiling pamamahalaan ang kanilang ulat.

KAILANGAN BANG KASALI ANG AKING ANAK?

Ang inyong anak ay maitatala kaagad sa Health*elink* pagkatapos matingnan ng isang kasaling tagapagdulot.

Kayo ang magpasiya kung papayagan ninyong kasali ang impormasyon sa kalusugan ng inyong anak.

PAANO KO MARARAGDAGAN ANG AKING KAALAMAN?

Kapag nakatala na ang inyong anak, makakatanggap kayo ng pakete ng detalyeng impormasyon na makakatulong sa pagdedesisyon kung patuloy na makikisali ang inyong anak sa Health*elink* o hindi.

Para sa dagdag na impormasyon, tawagan ang Health*elink* sa 1800 75 22 66 o tingnan sa www.healthelink.nsw.gov.au

Ang Health*elink* ay isang sistema ng elektronikong pag-uulat ng kalusugan na pag-aari at pinapaandar ng NSW Health.